

# PLAWD NEWSLETTER

PLARIDEL WATER DISTRICT

PLARIDEL WATER DISTRICT



## PROJECT UPDATE



PAGE 1

## Anti-Water Pilferage



PAGE 2

## PLAWD 38 YEARS ANNIVERSARY



PAGE 3 TO PAGE 4



PAGE 5

## Iwas Utang Tips




PAGE 6 TO PAGE 7

PROJECT

UPDATE



**Energization of New Pipe Line at Brgy. San Jose Dike**



**Restoration Activity at Banga 2nd Pulilan-Plaridel Diversion Road**

## Anti-Water Pilferage



Ang Seksyon 8 ng Republic Act 8041 – National Water Crisis Act ay nagpapataw ng mahigpit na parusa sa pagnanakaw ng mga metro ng tubig, pangunahing linya, tubo, at mga kaugnay o pantulong na pasilidad (related or ancillary facilities); pagnanakaw ng tubig para kumita o muling ibenta; pagmamay-ari ng ninakaw o tampered na metro ng tubig; at ang kusang pagtanggap o pagpapaubaya sa mga nasabing aksyon.

Ang pakikialam, pag-install, at paggamit ng mga tampered water meter, stick, magnet, reversing water meter, pagpapaikli ng vane wheels, at iba pang mga device upang magnakaw ng tubig o makagambala sa tumpak na pagpapatala o pagsukat ng paggamit ng tubig, o kung hindi man ay magreresulta sa paglihis nito sa paraang kung saan ang tubig ay ninakaw o nasasayang ay mahigpit ding ipinagbabawal at iligal, pati na rin ang direktang paggamit o pagtanggap ng tubig, pati na rin ang kaalaman sa direktang paggamit o pagtanggap ng tubig umiral ang ilegal na koneksyon sa oras ng paggamit na iyon, o na ang paggamit o resibo ay kung hindi man ay walang pahintulot ng utilidad ng tubig.

Maaaring makulong ng anim (6) na buwan hanggang dalawang (2) taon ang mga mahuhuli at ang kanilang mga kasabwat, habang ang mga tubero sa propesyon at mga empleyado ng mga kumpanyang may kinalaman sa serbisyo ng tubig na nagsisilbing kasabwat ay maaaring makulong ng dalawa (2) hanggang anim (6) na taon.

Kung ang tubig ay ninakaw para kumita o muling ibenta, ang nagkasala ay paparusahan ng pagkakulong mula anim (6) hanggang labindalawang (12) taon.

# PLAWD 38TH ANNIVERSARY

MARCH 7, 2025  
VILLA EMANUELA WAVEPOOL RESORT





# PWDEA BASKETBALL



# Iwas Utang Tips

## 1. Maging financially literate

Kapag may sapat na kaalaman ka kung paano mag-ipon, magbudget, mag-invest at paggastos, mas magiging magaling ka sa paghawak ng pera para sa mga pangangailangan at long-term life goals mo.



## 2. Mag-set ng financial goals

Subukang gumawa ng money goals na pwede gawin kada katapusan ng buwan. Kapag may maayos na goals at plano, magiging mas madali ang pag-iipon. Mag-isip din ng ibang paraan kung paano mapapaikot ang pera, tulad ng pag-invest nito sa isang negosyo para naman hindi lang natutulog ang iyong savings sa bangko.



## 3. Magkaroon ng emergency fund

Maraming mga hindi inaasahang pangyayari ang pwedeng mangyari sa ating buhay. Maaaring ito ay sakit, aksidente, biglaang pagkawala ng trabaho, pagkawala ng mahal sa buhay at marami pang iba. Kapag may ganitong mga pangyayari, lalaki ang mga gastusin at maapektuhan ang ating financial stability.

Dito makikita kung gaano ka-importante ang savings at pagkakaroon ng emergency fund. Dapat masanay tayo na regular na naglalaan ng pondo para makabuo ng emergency fund para tayo ay laging handa sa hindi inaasahan. Maaari rin tayong mag-apply ng insurance policies o Health Maintenance Organization (HMO) Card.



# Iwas Utang Tips



## 4. I-track ang expenses

Para malaman kung saan ba napupunta ang iyong kinikita, ilaran sa isang money journal ang lahat ng iyong pinagkakagastusan. Sa pamamagitan nito, malalaman mo kung saang kategorya ka pinaka magastos. Sa pamamagitan nito matutulungan kang makita ang iyong debt to income ratio.



## 5. Huwag mangutang kung hindi kailangan

Hangga't may option ka na huwag umutang, wag kang umutang. Maging goal na kung sakaling walang-wala ka na talaga saka mo lang ico-consider ang pangungutang ng pera sa iba.

# PLAWD

## CREATIVE TEAM

